

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA




Mga Laryong Walang Dayami

Exodus 4:29-5:19

Ang Kasaysayan...

Bago humarap si Moises sa hari ng Ehipto upang hilingin ang kalayaan para sa mga anak ni Israel, siya at ang kanyang kapatid na si Aaron ay humarap muna sa mga naaping pinuno ng Israel. Nanawagan ang magkapatid sa mga tao na italaga ang kanilang mga sarili sa Panginoon at sinabi sa kanila na malapit na silang palayain ng Dios sa pagkaalipin.

Pitong araw isang linggo silang gumagawa ng mga mabibigat na gawain para sa mga Ehipsyo. Ngunit pagkatapos ng kanilang pakikiharap kay Moises



at Aaron tila nagpasya na silang mamahinga tuwing ikapitong araw. Naging dahilan ito ng matinding galit ni Paraon na sa dakong huli ay nagsabi sa magkapatid: “At inyong pinagpapahinga sila sa mga atang sa kanila” Exodo 5.5. (Ang salitang Hebreo para sa “pahinga” na ginagamit dito ay “shabath” na ang ibig sabihin ay “maging dahilan upang mangilin ng Sabbath.”)

Batid ng galit na hari na kailangan siyang gumawa ng mabagsik na hakbang upang mapanatili niya sa kanyang pangangasiwa ang bansang ito ng mga alipin. Ipinasya niyang dagdagan ang kanilang mabigat na gawain upang mapawi sa kanilang isipan ang Dios at ang pagsamba. Sinabi ni Paraon, “Huwag na ninyong bibigyan ang bayan ng dayami sa paggawa ng laryo, na gaya ng dati; sila ang pumaroon at magtipon ng dayami sa ganang kanilang sarili. Ang bilang ng mga laryo, na kanilang ginagawang dati ay siya rin ninyong iaatang sa kanila; wala kayong babawasan.” Exodo 5:7, 8.

Tulad noong mga kaarawan ni Moises, ang Dios ay malapit nang gumawa ng mga dakilang bagay para sa Kanyang bayan. Hindi na magtatagal at sila ay palalayain na mula sa pagkaalipin ng kasalanan at maglalakbay patungo sa makalangit na Canaan. At muli ibinabaling ng Dios ang isipan ng Kanyang bayan sa kahalagahan ng kapahingahang Sabbath.

Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Ginawa ba ng Dios para sa Israel lamang ang kapahingahang Sabbath?

Markos 2:27 *At Kanyang sinasabi sa kanila, Ang Sabbath ay _____ para sa _____ at hindi ang tao para sa Sabbath.*

PALIWANAG: Nang sabihin ni Jesus na ang Sabbath ay ginawa para sa tao, ang salitang “tao” ay nangangahulugang buong “sangkatauhan”—para sa lahat ng tao, sa lahat ng panahon, sa lahat ng dako.


2. Kailan itinatag ng Dios ang Sabbath?

Genesis 2:1,3 *At _____ ang langit at ang lupa, at ang lahat ng natatanaw sa mga yaon. At binasbasan ng Dios ang ikapitong araw at Kanyang ipinangilin, sapagkat siyang ipinagpahinga ng Dios sa madlang Kanyang nilikha at ginawa.*

PALIWANAG: Ang Sabbath ay itinatag ng Dios sa katapusan ng linggo ng Paglikha.

3. Anong araw ng isang linggo ang Sabbath?

Genesis 2:2,3 *At nang _____ ay nayari ng Dios ang Kanyang gawamg ginawa; at nagpahinga ng _____.*



PALIWANAG: Tatalong ulit sa Genesis 2, ay sinasabi sa atin ng Dios na Kanyang ginawa ang Sabbath nang ikapitong araw ng linggo ng Paglikha. “Binanal” Niya ito, na ang ibig sabihin ay “inilaan para sa banal na paggamit.” Ginawa ng Dios ang Sabbath na isang 24 na oras na bahagi ng panahon, sapagkat ang panahon ang kailangan para sa isang tunay na pakikiugnay na may pag-ibig kay Jesus. Ang diablo, tulad ni Paraon ng Ehipto, ay nais na tayo ay laging abala sa mga gawain upang hindi natin maisip ang tungkol sa Dios. Batid ng Dios na magiging ganito ang kalagayan ng mga tao sa huling panahon kaya Siya naglaan linggo-linggo ng isang 24-na oras na tanging panahon na gugugulin para sa Kanyang bayan. Ginawa Niya ang pakikipagtagpong ito sa inyo linggo-linggo. Huwag ninyo Siyang bibiguin.

4. Paanong ipinakita ng Dios ang kahalagahan ng Kanyang banal na Sabbath?

Exodo 20:8-11 *Alalahanin mo ang araw ng Sabbath, upang _____ _____ ng Panginoon ang araw ng Sabbath, at pinakabanal.*

PALIWANAG: Ang Exodo 20:8-11 ay ikaapat na utos. Ipinakita ng Dios ang kahalagahan ng Sabbath nang gawin Niya itong isa sa Kanyang Sampung Utos. Ang talatang ika-10 ay tinatawag itong “Sabbath ng Panginoon mong Dios.” Ang ikaapat na utos lamang ang nagpapasimula ng salitang “alalahanin,” nagpapakilala na batid ng Dios na malilimutan ito ng tao. Ang paglabag sa Sampung Utos ng Dios ay kasalanan (1 Juan 3:4). Ngunit namatay si Jesus upang iligtas ang Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan o paglabag (Mateo 1:21).



5. Anong dalawang mahalagang bagay ang sinasabi ng Dios na ang palatandaan ay ang Sabbath?

Exodo 31:17 *Ito'y isang tanda sa akin at sa mga anak ni Israel magpakailan man; sapagkat sa anim na araw ay _____ ng _____ ang langit at lupa.*

Ezekiel 20:12 *Ibinigay ko rin naman sa knila ang aking mga Sabbath upang maging tanda sa akin at sa kanila, upang kanilang makilala na Ako ang Panginoon na _____ sa kanila.*

PALIWANAG: Sinasabi ng Dios na ang Sabbath ay tanda ng Kanyang kapangyarihan bilang Manlilikha at Tagapagligtas. Sa Apokalipsis 14:6-14, ibinigay ng Dios ang tatlong mahalagang pabalita na ipahahayag sa “lahat ng tumatahan sa lupa, sa bawat bansa, at angkan, at wika at bayan.” Talatang 6. Ang unang pabalita ay nasa talatang 7; “Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya; sapagkat dumating na ang oras ng Kanyang paghatol; at sambahin ninyo ang lumikha ng langit at lupa, at ng mga dagat at mga bukal ng tubig.” Ang panawagang ito para sa pagbabalik sa tunay na pagsamba ay hango sa ikaapat na utos: “Sapagkat sa anim na araw ay nilikha ng Panginoon ang langit at ang lupa, ang dagat at ang lahat ng nangaroroon, at nagpahinga ng ikapitong araw.” Exodo 20:11.

6. Aling araw ang ipinagalin ng Panginoon?

Lukas 4:16 *At Siya'y napasa Nazareth na Kanyang nilakhan; at ayon sa _____, Siya'y pumasok sa sinagoga sa araw ng Sabbath, at nagtindig at bumasa.*

PALIWANAG: Si Jesus ang ating halimbawa (1 Pedro 2:21) sa lahat ng bagay, kasama ang pangangilin ng Sabbath, na Kanyang kinaugalian. Ang “kaugalian” ay isang karaniwang gawain. Ang mga Kristiyano ay dapat na lumakad kung paano Siya lumakad (1Juan 2:6).

7. Ano ang nakaugalian ni Pablo tungkol sa Sabbath?

Mga Gawa 17:2 *At si Pablo, ayon sa _____, _____ ay pumasok sa kanila, at sa tatlong araw ng Sabbath ay nangatuwiran sa kanila sa mga kasulatan.*


Mga Gawa 18:4 *At siya'y nangangatuwiran _____ sa sinagoga at hinihikayat ang mga Judio at ang mga Griego.*

PALIWANAG: Ugali rin ni Pablo na mangilin ng ikapitong araw na Sabbath.

8. Ang mga alagad ba ay nakikipagtagpo sa mga Gentil sa araw ng Sabbath?

Mga Gawa 13:42 *At nang ang mga Judio ay makaalis na ng sinagoga, ang mga _____ ay nakiusap na ang mga salitang ito ay ipangaral sa kanila sa susunod na _____.*

PALIWANAG: Sa ibang pagkakataon, ang mga alagad ay nakikipagtagpo sa isang grupo ng mga babaeng Hintil sa araw ng Sabbath sa tabi ng ilog, sapagkat wala silang sinagoga (Mga Gawa 16:13).





9. Panukala ba ng Panginoon na ipangilin ang Sabbath ng Kanyang bayan pagkatapos na Siya'y mamatay para sa kanilang mga kasalanan?

Mateo 24:20 *At magsipanalangin kayo na huwag mangyari ang pagtakas ninyo sa panahon ng tag-ginaw o sa _____ man.*

PALIWANAG: Paunang tinutukoy dito ng Panginoon ang pagbagsak ng Jerusalem, na batid Niyang mangyari noong AD 70. (40-taon pagkatapos). Iminungkahi niya na sila'y manalangin na ang kanilang pagtakas ay huwag mangyari sa araw ng Sabbath. Maliwanag na inaaasahan ng Panginoon na ipangilingin nila ang Sabbath malaon nang makaraan ang Kanyang kamatayan.

10. Itinuturo ba ng Biblia na ang bayan ng Dios sa huling panahon ay mangingilin ng ikapitong araw na Sabbath?

Apokalipsis 12:17 *At ang dragon (diablo) ay nagalit sa babae (Iglesia) at umalis upang makipagbaka sa nalabi (natira) ng Kanyang binhi (mga anak) na _____ Ng Kanyang _____.*

Apokalipsis 14:12 *Narito ang pagtitiyaga ng mga banal, ng mga _____ ng mga _____ ng Dios.*

Apokalipsis 22:14 *Mapapalad sila na _____ ng Kanyang mga utos; upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punog kahoy ng buhay, at _____ sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan.*

PALIWANAG: Ang mga talatang nasa itaas ay maliwanag na tumutukoy sa Iglesia ng Dios sa huling araw, at ang bawat talata ay maliwanag na nagsasabi na ang Iglesia ng Dios sa huling araw ay susunod sa Kanyang mga utos—na kasama ang ikapat na utos, ang Sabbath.


11. Ang lahat bang ligtas sa langit ay mangingilin ng Sabbath?

Isaias 66:22,23 *Sapagkat kung paanong ang mga bagong langit at ang bagong lupa na aking lilikhain ay mananatili sa harap ko, sabi ng Panginoon, gayon din mananatili ang inyong lahi. At mangyayari ... na mula sa isang Sabbath hanggang sa panibago, paroroon ang _____ upang sumamba sa harap ko, sabi ng Panginoon.*

PALIWANAG: Sinabi ng Biblia na ang lahat ng naligtas sa buong panahon ay sama-samang mangingilin ng Sabbath ng Dios sa bagong langit at bagong lupa.

12. Nakatitiyak ba tayo na ang kasalukuyang ikapitong araw (Sabado) ay siya ring araw ng Sabbath na ipinangilin ni Jesus?

Lukas 23:54-24:1 *At noo'y araw ng paghahanda (Biyernes), at nalalapit na ang Sabbath. ... At sila'y nagsiuwi at nangaghanda ng mga pabango at mga unguento; at nang _____ sila'y _____ ayon sa utos. Datapuwa't nang _____ ng sanlinggo, ... ay nagsiparoon sila sa libingan.*





PALIWANAG: Si Jesus ay ipinako sa krus ng Biyernes (araw ng paghahanda), ang araw na nauuna sa Sabbath (Markos 15-42). Siya'y nagpahinga sa libingan ng Sabbath (Lukas 23-56), at nabuhay ng unang araw—ang araw pagkatapos ng Sabbath (Markos 16:1-6). Ang mga Kristiyano sa buong sanlibutan ay ipinagdiriwang pa rin ang araw na yaon bilang Pasko ng Pagkabuhay. Maliwanag na ipinakikita ng Biblia na ang Sabado ay ang araw pagkatapos ng Biyernes at bago dumating ang Linggo. Madali itong makikita sa alinmang kalendaryo.

13. Ipinahihintulot ba ng Dios na baguhin ang Kanyang banal na araw?

Mga kawikaan 30:5, 6 *Bawat salita ng Dios ay subok: ...* _____
kang _____ *sa Kanyang salita; baka sawayin ka, masumpungan kang sinungaling.*

PALIWANAG: Bago ibinigay ng Dios ang Sampung Utos (Deuteronomio 5), nagbabala Siya na sinoman ay huwag “magdadagdag o magbabawas” man dito (Deuteronomio 4:2). May nag-aangkin na pinalitan nila ng Linggo ang banal na Sabbath ng Dios. Ngunit hindi tinatanggap ng Dios ang turo ng tao nang ipagkaloob niya ang Biblia bilang ating patnubay.

14. Kailan nagsisimula at natatapos ang Sabbath?

Levitico 23-32 *Mula sa* _____ *hanggang sa muling* _____ *ng araw ay ipangingilin ninyo ang iyong Sabbath.*
Markos 1:32 *At kinagabihan,* _____ *ng* _____.

PALIWANAG: Nagpapasimula ang Sabbath sa paglubog ng araw sa Biyernes at natatapos sa paglubog ng araw sa Sabado.

15. Anong araw ang Araw ng Panginoon sa Apokalipsis 1:10?

Exodo 20:10 *Ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath ng* _____ *mong Dios.*

Isaias 58:13 *Kung iyong iurong ang iyong mga paa sa Sabbath sa paggawa ng iyong kalayawan sa* _____ *na* _____.

Markos 2:28 *Ang Anak ng Tao ay Panginoon din naman ng* _____.


PALIWANAG: Sa Matanda at Bagong Tipan, tinatawag ng Dios ang Sabbath na araw ng Panginoon. Ipinahahayag din Niya na ang Kanyang banal na Sabbath ay para sa lahat ng tao (Isaias 56:2-7). Hindi binabanggit ng Biblia na ang Linggo ay araw ng Panginoon.

16. Anong pagpapala ang ipinangangako ng kautusan ng Sabbath?

Mateo 11:28 *Magsiparito kayo sa akin, kayong nangabibigatang lubha at kayo'y Aking* _____.

Exodo 33:14 _____ *ay sa saiyo; at bibigyan kita ng kapahingahan.*

Hebreo 4:5 *Kung sila'y magsisipasok sa* _____.





PALIWANAG: Ang bawat isa sa Sampung Utos ay may espirituwal na kahulugan. Mayroong ibang mga Kristiyano na nakasentro sa titik ng kautusan at winawalang kabuluhan ang epiritu nito. Nais ng Panginoon na magkaroon tayo ng timbang na pang-unawa rito (Mateo 5:21;22,27,28). Madalas na ginagamit ng Biblia ang “kapahingahan” na ang ibig sabihin ay kaligtasan. Sinasabi ng Hebreo 4:1,4,9,10, na yaong mga tunay na naakay sa “kapahingahan” ng pagkahikayat at nanatili kay Kristo ay ipangingilin ang Sabbath bilang tanda ng kapahingahang Kristiyano.

Ang Iyong Tugon

Dahil ipinagkaloob ni Jesus ang Sabbath na tanda ng Kanyang kapangyarihang lumikha at magpabanal, nais mo bang tanggapin ang mga pagpapala ng banal na araw ng Sabbath sa pamamagitan ng iyong pangangilin nito sa Kanyang karangalan.

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na importasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ang Sinasabi ng Talatinigan (Dictionary)

Tingan ang mga sumusunod sa halos alinmang talatinigan, at pansinin ang inyong masusumpungan:

Sabado (pangngalan) Ang Ikapitong araw ng sanlinggo.

Ikapitong araw (pang-uri) Ang ikapitong araw.

Linggo (pangngalan) Ang unang araw ng sanlinggo.

Unang araw (pangngalan) Linggo

Hindi ba Binago ang Kalendaryo?

Minsang binago ang kalendaryo noong Oktubre 1582, ngunit hindi nabago ang kabuuan ng sanlinggo. Sampung petsa ang inalis sa kalendaryo pagkatapos ng Oktubre 4, 1582. Ang araw ng Biyernes noon, Oktubre 5, ay naging Oktubre 15. Ang nasa ibaba ay makakatulong sa inyo na pag-aralan ang pagbabago. Masusumpungan ninyong hindi nabago ang ikot ng sanlinggo.

OKTUBRE 1582

Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
	1	2	3	4	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30
31						

